# Tax payment transaction sa QC, higit pang pinabilis ni Mayor Joy B

Dahil sa dagsa ng mga taxpayers ngayon sa Quezon City hall, higit na pinabilis ni Mayor Joy Belmonte ang proseso sa pagbabayad ng business at real property tax.

"Every January, the city hall is filled with taxpayers who are dutifully settling their taxes. We are expecting around75,000 to 80,000 taxpayers so we want to ensure that we can accommodate everyone with fast and efficient service", pahayag ni Mayor Belmonte.

Sa ngayon, mula alas-8 ng umaga hanggang alas-5 ng hapon at hanggang matapos ang mga transaksyon ay bukas pa ang Treasurers office sa city hall mula araw ng Lunes hanggang Biyernes bukod pa sa serbisyo tuwing weekends.

Mula sa 6 steps sa pagbabayad ng buwis ay ginawa na lamang itong hanggang sa 4 steps kasama rito ang pag-fill up ng forms, evaluation at assessment, pirma ng city Treasurer at panghuli ang pagbabayad.

Ani Belmonte, ang maximum na proseso sa pagbabayad ng buwis ay umaabot lamang ng 30 minuto.

Anya, ang mga kliyente na may 7 o higit pang transaksyon ay maaaring direktahang pumunta sa City Treasurers Office sa second floor ng annex building ng QC hall.

Mayroon ding sariling pila ang mga senior citizens, may kapansanan at mga buntis at komportableng waiting area.

Hinikayat din ni Belmonte ang ilang taga-QC na malapit sa City Treasurers office branches sa Cubao, Galas, La Loma, Novaliches at Talipapa gayundin sa business centers ng SM North, Alimall at Robinsons Novaliches na doon na magbayad ng buwis para hindi na mapagod pumunta sa city hall. *(Angie dela Cruz)*